

Anchorage School District
ACADEMIC ENGLISH LANGUAGE LEARNERS
Student Proficiency

Pangalan ng Mag-aaral:

ID ng Mag-aaral:

Paaralan:

Grade:

ACCESS or Screener Overall Proficiency:

Petsa ng Eksamen:

Entering Emerging Developing Expanding Bridging Reaching

Mahal na Magulang /Tagapag-alaga

Ang inyong mag-aaral ay natukoy na karapatdapat para sa English Language Learners (ELL) program batay sa impormasyong ibinigay ninyo sa Parent Questionnaire (PQ) noong una ninyong iparehistro ang inyong mag-aaral sa Anchorage School District. Tungkulin ng Anchorage School District na kilalanin at tiyakin na ang mga mag-aaral na may impluwensiya ng isang wika na hindi Ingles sa kanilang kapaligiran, ay karapat-dapat para sa ELL program. Kamakailan lamang ang sukat sa kakayahan sa wikang Ingles ng inyong mag-aaral ay nagpapakita ng patuloy na natutugunan niya ang batayan para sa programa. Ang kabuoang iskor sa panukat /pagsusulit na ito ay makikita sa itaas. Upang makita ang mga nakaraang marka sa mga pagsusulit ng inyong mag-aaral, mangyari lamang na tingnan ang Testing Result section sa Parent Connect.

Makikita sa ibaba ang impormasyon ukol sa mga modelong suporta ng ELL program. Ang Anchorage School District ay nakatuon sa tagumpay ng lahat ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagpapatupad sa Multi-Tiered System of Supports model ([MTSS](#)).

- **Tier 1:** Kurikulum ng *English Language Arts* na dinisenyo batay sa programa ng ELL upang mapadali ang pagkatuto ng maunlad na wika sa katapusan ng ika-limang baitang. Ang mga *ELL Lead teachers, site based instructional coaches* at *district literacy leads* sa elementary ay sama-samang susuporta sa buong distrito para sa pagpapatupad ng mga pagsasanay sa pagkatuto at wika na lalong nababagay sa pagpapaunlad ng wikang Ingles.

- **Tier II at III:** Ang mga *ELL site-resource teachers* at paraprofesional, sa pakikipagtulungan ng mga *ELL Lead Teachers* sa elementary at mga *literacy leads*, ay gumaganap ng mahalagang papel sa pagpapatupad sa antas/tier II at III at sumusuporta sa pagsulong ng wika at pagkatuto para sa mga *English Learners*.

Ang ELL program ay tumutugon sa mga layunin na itinakda para sa mga mag-aaral na kulang pa ang kakayahan sa wikang Ingles na may kapansanan bilang pagsunod sa patakaran ng ASD tungkol sa mga mag-aaral na may mga kapansanan. Ang impormasyong ito ay matatagpuan sa ASD website:

<https://www.asdk12.org/domain/1242>

Upang hindi na lumahok ang inyong mag-aaral sa ELL program, siya ay dapat na magtamo ng proficiency iskor sa taunang English language proficiency assessment, [ACCESS](#), na ibinibigay tuwing Pebrero. Upang makita ang mga nakaraang iskor sa English language proficiency assessment ng inyong mag-aaral, mangyaring tingnan ang Testing Results section sa Parent Connect.

Ang pamantayan sa pag-exit sa programa ay itinakda ng AK Department of Education and Early Childhood (DEED). Ang mga pamantayan ng pag-exit ngayong taon ay ang mga sumusunod:

Overall/Composite score na 4.5 o mas mataas

Huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa paaralan ng inyong mag-aaral kung may anumang mga katanungan, alalahanin, o kung nais ninyo ng nilimbag na kopya ng sulat na ito.

English Language Learners Program
Anchorage School District

Kung hindi nais ng mga magulang na ang kanilang mga anak ay makatanggap ng mga serbisyo mula sa ELL program, dapat na ipalam sa paaralan ng inyong mag-aaral. Ang mag-aaral ay kailangan pa ring kumuha ng taunang English language proficiency assessment/eksamen hanggang sa maabot niya ang kapantayang proficiency.